



Kahilingan para sa Panukala (Request for Proposal, RFP) para sa Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init (2022 Summer Program Fund)

*Pagpopondo Mula sa Superintendent of Public Instruction, State of Washington (OSPI)
Binuo at Pinapangasiwaan ng School's Out Washington (SOWA)*

Tatanggap ng mga aplikasyon hanggang Lunes, Disyembre, 6, 2021 nang 11:59 PM.

Panimula

Ang Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pagtuturo sa Pamublikong Paaralan (Office of the Superintendent of Public Instruction, OSPI) ay nakikipagtulungan sa School's Out Washington (SOWA) para buuin at pangasiwaan ang 2022 Programa sa Ponso sa Tag-init. Bahagi ang mga pondong ito ng dalawang taon na investment ng OSPI para sa mga programa sa tag-init gamit ang mga resource ng American Rescue Plan (Plano sa Rescue ng America)/Tulong sa Emergency para sa Mga Elementarya at Sekundaryang Paaralan (Elementary and Secondary School Emergency Relief, ESSER). Pangunahing Layunin ng Programa sa Pondo sa Tag-init ang pagpapalawak ng mga oportunidad para sa mga kabataan sa Washington na hindi nakakatamasa ng mahusay na edukasyon¹ at magkalahok sila sa mga programa sa tag-init sa 2021 at 2022, kung saan mayroon mga panlipunang koneksyon, at mga pisikal at outdoor na aktibidad.

Simula noong tagsibol 2020, nakompromiso na ng pandemya ng COVID-19 ang mga kakayahan ng mga pamilya, paaralan, at organisasyon sa paglinang ng kabataan na ganap at epektibong matugunan ang panlipunan, emosyonal, kalusugan ng pag-iisip, at akademikong pangangailangan ng mga mag-aaral. Dahil sa mga limitasyon ng virtual na pag-aaral, na-isolate ang mga kabataan, at nahihirapan ang mga pamilya sa childcare. Para sa mga kabataang hindi nakakatamasa ng mahusay na edukasyon, dumagdag pa sa kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay ang limitadong access sa mga programa at serbisyo.

Ngunit sa kabila ng mga paghihirap, iniangkop ng mga organisasyon sa paglinang ng kabataan ang kanilang mga serbisyo para makatugon sa mga kabataan at pamilyang nilalayon nilang tulungan. Habang bumubuti ang mga epekto ng COVID-19, nasa magandang posisyon ang mga organisasyong ito para ialok ang mga programa sa Tag-init 2022 sa kanilang mga komunidad, na magpapahusay sa mga panlipunang koneksyon sa mga kabataan, na matagal nang nagkukulang dahil sa mga lockdown at quarantine, magbibigay ng mga oportunidad para sa mga pisikal at outdoor na aktibidad, at magpapabuti sa kalagayan ng mga kabataan habang bumabangon ang Washington mula sa pandemya.

Pangkalahatang-ideya ng RFP

¹ Para sa mga layunin ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init, ang mga kabataang hindi nakakatamasa ng mahusay na edukasyon ay tumutukoy sa mga kabataang kasama sa mga sumusunod na priyoridad na populasyon ng kabataan: mahihirap na kabataan, BIPOC (Black, Indigenous and People of Color) na kabataan, migrant na kabataan, refugee at/o immigrant na kabataan, mga nag-aaral ng English, kabataang nakakaranas ng kawalan ng tirahan, kabataan sa foster care, LGBTQ na kabataan, kabataang nauugnay sa sistema ng criminal justice, at kabataang may kapansanan.

Gagamiting batayan ng 2022 Programa sa Tag-init ang mga natutunang aral sa proseso ng 2021 Pondo sa Tag-init. Dahil sa limitadong badyet, ipinamahagi ang \$1 milyon sa Agosto, 2021 sa 62 matagumpay na kalahok, mula sa 277 organisasyong nag-apply. Ang mga pinonduhang programa ay nakatanggap ng \$5,000 hanggang \$25,000.

Para sa Tag-init 2022, humigit-kumulang \$4.5 milyon ang magiging available para sa pagpopondo ng programa na mula \$10,000- \$50,000. Ang proseso at timeline ay tutugon sa mas malalaking award at mas maraming napondohang aplikasyon. Ang Pondo ng 2022 Programa sa Tag-init ay mag-aalok din ng mas mahabang palugit para sa inisyal na pagpapalano ng programa sa tag-init at pagsusumite ng aplikasyon.

Magsasagawa ang SOWA ng patas at accessible na proseso na magpapatibay sa diverse na organisasyon, para maghatid ng matataas na kalidad na programa sa tag-init at mapalawak ang access sa mga komunidad na hindi gaanong naseserbisuhan.

Mga Kwalipikadong Aplikante:

Para maging kwalipikado na magsumite ng aplikasyon, dapat kumpirmahin ng mga organisasyon na ang kanilang mga programa sa tag-init ay mga panlipunang koneksyon at pisikal at outdoor na aktibidad. Pakitingnan ang **Kwalipikadong Pagpoprograma** (sa ibaba) para sa mga detalye.

Isasaprioridad sa pagpopondo ang mga nonprofit na organisasyon sa komunidad (community-based organization, CBO), kasama ang mga panrelihiyong organisasyon. Kwalipikado ring mag-apply ang maliliit na negosyo at pampublikong ahensya.

Ang mga pondo sa mga panrelihiyong organisasyon ay hindi puwedeng sumuporta sa panrelihiyong pagpoprograma o materyal, at hindi rin puwedeng maging kinakailangang bahagi para sa mga kalahok na kabataan ang paglahok sa mga panrelihiyong aktibidad (gaya ng mga dasal o aralin sa panrelihiyong layunin).

Ang mga aplikante na nag-iisip na mag-apply bilang maliit na negosyo ay dapat nakakatugon sa kahulugan ng maliit na negosyo sa [RCW \(Revised Code of Washington\) 19.85.020](#), partikular dito: *tumutukoy ang "maliit na negosyo" sa anumang entity ng negosyo, kasama ang isang sole proprietorship, korporasyon, partnership, o iba pang legal na entity, na independent na pagmamay-ari at pinapatakbo mula sa lahat ng iba pang negosyo, at may limampu o mas kaunting empleyado"*

Hindi kwalipikado ang mga departamento ng parke at distrito ng paaralan; Ang OSPI ay may iba pang pondo na nakalaan sa mga entity na ito.

Magiging available ang mga pondo sa Programa sa Tag-init sa mga organisasyong naglilingkod sa mga kabataan sa Estado ng Washington. Ang mga pinopondohang aktibidad ay dapat sumunod sa mga protokol ng Washington State Department of Health.

Para maging kwalipikado, dapat magbigay ang mga aplikante ng pagpoprograma sa tag-init para sa mga kabataang nasa paaralan, na 4-21 taong gulang, na naka-enroll sa o tumatanggap ng mga serbisyong ibinibigay sa isang K-12 na paaralan. Hindi kailangang nakatanggap ang mga kabataan ng mga serbisyong partikular sa tag-init na ibinibigay ng mga K-12 na sistema ng paaralan, pero dapat naka-enroll sila sa o nakatanggap ng mga serbisyo mula sa isang K-12 na paaralan sa anumang pagkakataon

sa taong panuruan. Ang mga kabataang home-schooled ay puwede ring maserbisuhan sa mga programa sa tag-init.

Isang aplikasyon lang ang tatanggapin mula sa bawat organisasyon. Ang pagbubukod lang ay para sa isang aplikanteng isa ring fiscal sponsor ² para sa iba pang kwalipikadong organisasyon. Sa ganitong mga kaso, puwedeng magsumite ang bawat isa ng aplikasyon.

Para sa mga organisasyon may maraming affiliate sa estado, magagawa ng bawat affiliate na mag-apply, kung ang bawat isa ay may sariling nonprofit na tax status na 501(c)(3) at sarili nitong tax identification number.

Kwalipikadong Pagpoprograma:

Alinsunod sa direksyon ng lehislatura ng estado, nakatuon ang OSPI sa paggamit ng mga pondong ito para patatagin ang **mga panlipunang koneksyon** sa mga kabataan at himukin ang mga kabataan sa **mga pisikal³ at outdoor na aktibidad**.

Sa naratibo, hihilingin sa mga aplikanteng ilarawan ang mga panlipunang koneksyon, pisikal na aktibidad, at outdoor na aktibidad na isasama sa kanilang programa, at talakayin kung bakit magiging posibleng ipatupad ang programa sa tag-init at kung paano ito makakatugon sa mga kabataang pinaglilingkuran ng mga ito.

Ang pagpoprograma sa 2022 tag-init ay dapat ibigay sa maraming araw at/o maraming linggo. Dahil kinakailangang bahagi ang pagpapatatag ng mga panlipunang koneksyon sa mga kabataan, hindi matutugunan ng mga programa sa tag-init na nakatuon lang sa 1:1 (isang nasa hustong gulang sa isang kabataan) na aktibidad ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado. Ang mga programa ay dapat in-person o halos in-person. Papayagan ang ilang hybrid na bahagi o virtual na paglahok.

Timeline:

Ang paghimok at gabay mula sa stakeholder sa paglinang sa mga kabataan sa estado ay naging mahalaga sa paggawang available ng Pagpopondo sa Programa sa Tag-init. Bago ang pagbibigay ng RFP na Pondo sa 2021 Programa sa Tag-init, hiningi ng SOWA ang input ng mga stakeholder tungkol sa pagbuo ng diskarte at aplikasyon. Noong nakumpleto ang cycle ng 2021 pondo, nangalap ang SOWA ng feedback mula sa mga organisasyong nakatanggap ng pagpopondo, at mga hindi nakatanggap, para maging batayan ng prosesong ito ng 2022 Programa sa Tag-init. Ang mga komento mula sa mga peer reviewer sa Pondo sa 2021 Tag-init, at ang mga karagdagang yugto ng mga meeting ng stakeholder sa unang bahagi ng Oktubre, ay mahalaga sa kakayahan ng SOWA na kumilos ayon sa mga natutunan at magpatuloy sa pagpapahusay ng pamamaraan ng Pondo sa Programa sa Tag-init.

Ang online na aplikasyon para sa Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init ay magiging available sa Huwebes, Nobyembre 4, 2021; ang deadline para sa mga aplikasyon ay sa Lunes, Disyembre 6, 2021 nang 11:59

² Ang isang fiscal sponsor ay isang nonprofit na may tax-exempt status sa IRS (Internal Revenue Service) 501(c)(3), na sumasang-ayong tumanggap ng mga pondo sa ngalan ng nonprofit na organisasyong wala (o wala pang) tax-exempt status na 501(c)(3). Ang mga aplikanteng may fiscal sponsor ay inaatasang magsumite ng kopya ng kasunduan sa fiscal sponsorship.

³ Tumutukoy ang mga pisikal na aktibidad sa mga oportunidad para sa mga kabataan na aktibong igo ang kanilang mga katawan at gumamit ng enerhiya.

PM. Ang mga programang matagumpay sa aplikasyon ay dapat makatanggap ng abiso ng pagpopondo sa kalagitnaan ng Pebrero, 2022. Ibibigay ang mga pondo sa mga matagumpay na aplikante sa kalagitnaan ng Mayo, 2022. Isang workshop para sa mga matagumpay na aplikante ang iaalok sa Marso, 2022. (May mas detalyadong timeline sa ibaba.)

Proseso:

Ang mga aplikasyon sa Pondo ng 2022 Programa sa Tag-init ay dapat isumite online at nang nasa English. Gayunpaman, ang mismong RFP ay isasalin sa Amharic, Arabic, Chinese Mandarin, Korean, Marshallese, Russian, Samoan, Somali, Spanish, Tagalog, Tongan, Ukrainian, at Vietnamese. Ang impormasyon sa pag-access ng mga naisaling RFP ay available sa [webpage ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init](#) ng SOWA.

Sa online na proseso, aatasan ang mga aplikante na kumpirmahin ang kanilang pagiging kwalipikado bago magsumite ng aplikasyon. Hihiling sa online na aplikasyon ng maiikling detalye at paglalarawan tungkol sa mga programa sa tag-init, at organisasyon ng aplikante. Ang ilang sa impormasyong iyo ay isasama sa [ElevateWashington.org](#).

Ang mga sagot ng mga aplikante na partikular sa kanilang kahilingan sa pagpopondo ay magkakaroon ng mga dropdown na opsyon at maikling naratibo na tutugon sa tatlong focus area ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init:

1. Hinihimok ng programa ang mga kabataan hindi nakakatamasa ng mahusay na edukasyon.
2. Ang mga staff, boluntaryo, pamunuan, at lupon ng aplikanteng organisasyon ay maituturing na bahagi ng pinaglilingkurang priyoridad na populasyon.
3. Tinutukoy at sinusuportahan ng programa ang mga panlipunang koneksyon, pisikal na aktibidad, at outdoor na aktibidad para sa mga kabataan **AT**titiyakin sa plano sa pagpapatupad ng programa na ang tatlong ipinag-aatas sa programa ay nakakamit at nakakatugon sa mga pangangailangan at interes ng pinaglilingkurang kabataan.

Hihilingin sa mga aplikante na magbigay ng figure para sa kabuuang gastos sa pagpapatukbo para sa kanilang organisasyon sa kamakailang natapos na fiscal year na ito.

Hihiling ang mga aplikante ng halaga ng pagpopondo sa pagitan ng \$10,000 at \$50,000.

Walang kakailanganing form sa badyet.

Teknikal na Tulong

Ang mga session ng impormasyon para masagot ang mga tanong tungkol sa RFP at aplikasyon ay isasagawa sa pamamagitan ng Webinar sa Zoom sa Miyerkules, Nobyembre 10, 2021 mula 1:00 PM-2:30 PM PST, at sa Martes, Nobyembre 16, 2021 mula 9:00 AM-10:30 AM PST. Hinihikayat na dumalo ang mga potensyal na aplikante. Pakibisita ang [webpage ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init](#) ng SOWA para sa karagdagang impormasyon. Para mag-register, mag-click sa isa sa mga petsa sa ibaba:

[Nobyembre 10, 2021, 1:00PM - 2:30PM](#)

[Nobyembre 16, 2021, 9:00AM-10:30AM](#)

Ang Mga Madalas Itanong tungkol sa RFP at aplikasyon ay magiging available sa [webpage ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init](#). Ipo-post ang lahat ng natanggap na tanong sa mga session ng impormasyon o sa pamamagitan ng email, pati na rin ang mga naaangkop na FAQ mula sa proseso ng Pondo sa 2021 Tag-init. Pakitingnan ang timeline para sa mga tinatantyang petsa para sa mga update ng FAQ.

Magbibigay ang SOWA ng access sa opsyonal na teknikal na tulong (technical assistance, TA) para suportahan ang organisasyon sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado para sa Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init, at sa pagkumpleto ng mga aplikasyon. Bukod pa sa direktang TA sa pamamagitan ng SOWA, magkakaroon din ng available na tulong sa pamamagitan ng Small Business Resiliency Network. Nakikipagtulungan ang Washington State Department of Commerce sa maraming iba't ibang network ng mga pinagkakatiwalaang organisasyon para magbigay ng kultural na nauugnay na tulong sa maliliit na negosyo at nonprofit na organisasyon. Ang mga aplikanteng interesado sa pag-access ng teknikal na tulong ay dapat kumonsulta sa [webpage ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init](#).

Proseso ng Pagsusuri ng Panukala

Sa pakikipagtulungan sa mga partner sa buong estado, layunin ng SOWA ang pagkakaroon ng malawakang pag-abot para makipag-ugnayan sa humigit-kumulang 60 tagasuri ng panukala, nang binibigyang-diin ang matatag na panrehiyon at BIPOC (Black, Indigenous, People of Color) na pagkakatawan. Ang mga mapipiling tagasuri ay malamang na nakatira sa Washington. Bukod pa sa pagtugon sa mga pamantayan para sa pagkakatawan mula sa mga prioridad na populasyon at karanasan sa mga pagsusuri ng aplikasyon, ang mga tagasuri ay dapat may panrehiyong kaalaman at malalim na pag-unawa sa ecosystem sa paglinang ng kabataan ng Washington.

Hihilingin sa lahat ng tagasuri na ibunyag ang mga salungatan sa interes. Sa pamamagitan ng mga pagpapatala sa panggrupong pagsusuri, matitiyak na walang tagasuri ang maitatalagang basahin ang mga panukala mula sa mga programa/organisasyon kung saan sila naglilingkod bilang miyembro ng staff, miyembro ng lupon, o tagapayo. Mag-aatas ang SOWA ng anti-bias na pagsasanay at tatalakayin ang mga tanong sa aplikasyon at mga pamantayan sa pag-score bilang bahagi ng mandatoryong pagsasanay ng tagasuri.

Susuriin ng mga tagasuri ang mga panukala mula sa kanilang sariling rehiyon. Ang mga partner sa buong estado na nagsisilbing tagasuri ay ipapamahagi sa mga grupo sa lahat ng rehiyon

Ang mga tagasuri ay independent na magbibigay ng score sa humigit-kumulang 20 aplikante. Kapag natapos ang independent na pag-score, tatalakayin ng maliliit ng grupo ng mga tagasuri ang kanilang mga pamantayang score sa mga parehong panukala at dapat silang sumang-ayon sa iisang score para sa bawat aplikasyon. Ang mga grupo ng tagasuri ay pamumunuan ng mga pangunahing tagasuri.

Gagabayan ng School's Out Washington ang proseso ng pagsusuri, kasama ang pagtulong sa mga pangunahing tagasuri, ayon sa kinakailangan, sa pamumuno ng mga grupo sa pagsusuri. Kapag natapos na ang mga grupo ng pagsusuri sa masusing proseso ng pagsusuri at pag-score, susuriin ng SOWA ang pag-score mula sa lahat ng grupo.

Mga Pamantayan sa Pagsusuri ng Panukala

Ibibigay ng tatlong focus area ang istraktura para sa pagsusuri ng panukala. Gamit ang isang mga pamantayan sa pag-score, susuriin ng mga tagasuri kung paano at hanggang saan:

1. Hihimukin ng programa ang mga kabataan na hindi nakakatamasa ng edukasyon.	35% ng kabuuang score
2. Ang mga inidibidwal sa mga sumusunod na grupo ay maituturing na bahagi ng pinaglilingkurang prioridad na populasyon: 1) staff at/o boluntaryo ng programa na direktang kasama ng mga kabataan; 2) pamunuan ng programa; 3) mga boluntaryong miyembro ng lupon	20% ng kabuuang score
3. Binibigyang-kahulugan at sinusupportahan ng programa ang mga panlipunang koneksyon, pisikal na aktibidad, at outdoor na aktibidad para sa mga kabataan AT tinitiyak sa plano sa pagpapatupad ng programa na ang mga kinakailangan sa programang ito ay nakakamit, at nauugnay sa mga pangangailangan at interes ng mga pinaglilingkurang kabataan.	45% ng kabuuang score


Kasama ang mga score ng mga tagasuri, patas na pagkakatawan sa mga prioridad na populasyon sa buong estado, patas na pangheograpiyang pamamahagi, ang dami ng nahimok na kabataan, at dami ng oras ng contact, ay lahat magiging pamantayan sa pagsusuri ng SOWA. Sa mga competitive na aplikasyong nakakatugon sa mga pamantayan sa pagsusuri, makakatanggap ang maliliit na organisasyon ng karagdagang pagsasaalang-alang sa mga pinal na rekomendasyon sa pagpopondo ng SOWA sa OSPI.

Pangheograpihong Pamamahagi

Nakabalangkas sa mapa sa ibaba ang anim na rehiyon sa buong estado, ayon sa anim na administratibong rehiyon ng Departamento ng Mga Bata, Kabataan, at Pamilya (Department of Children, Youth and Families, DCYF) ng Washington. Gagamitin ng SOWA ang mga rehiyon ng DCYF bilang paraan na heograpihong hatiin ang estado kapag nagtatalaga ng mga grupo ng pagsusuri ng panukala at pagtukoy sa pagpopondo.

Ang mga layunin para sa pamamahagi ng pagpopondo sa estado ay ibabatay sa dalawang pangunahing punto ng datos na partikular sa mga rehiyong ito: mga kabataang 18 taong gulang pababa na mahirap; at BIPOC na kabataan, 18 taong gulang pababa. (Ang datos ay kukunin mula sa American Community Survey, 2019.)

Sa mapa sa ibaba, nakabatay ang alokasyon ng porsyento batay sa mga kabataan ng Washington na 18 taong gulang pababa, na namumuhay sa kahirapan at sa porsyento ng BIPOC na kabataan ng Washington na 18 taong gulang pababa, na nakatira sa bawat rehiyon. Patas na tinimbang ang mga datos na ito sa pagtukoy ang mga layunin sa pamamahagi ng mga pondo ayon sa rehiyon. Bagama't ang mga layuning ito ay para sa pangheograpihong pamamahagi, ang pagtugon sa mga ito ay mahalaga sa dami ng kwalipikado at mataas ang rate na panukalang natanggap para sa bawat rehiyon.



Pagpopondo ng Programa

Ang pagpopondo ay magiging available sa mga 2022 programa sa tag-init sa lahat ng lugar ng estado. Ang pagpopondo sa 2022 Programa sa Tag-init ay magkakahalaga ng \$10,000 hanggang \$50,000. Hihilingin sa mga aplikante na humiling ng halaga ng pagpopondo sa saklaw na ito; gayunpaman, ang matatanggap na pagpopondo ay posibleng mas mababa sa hiniling.

Ang mga matagumpay na aplikante ay hihilinging gawin ang mga sumusunod:

- Lumagda ng kontrata sa School's Out Washington. May [sample na kontrata](#) rito, para sa mga layunin ng impormasyon lang. Pakitandaang ang mga pinal na kontrata ay posibleng may kaunting pagkakaiba sa sample ng kontrata. Kung ganoon ang mangyayari, iha-highlight ang mga pagbabago para sa mga piling aplikante bago ang hilingin ang mga lagda sa kontrata.
- Magbigay ng patunay ng sapat na insurance sa pananagutan.⁴ Ang mga detalye tungkol sa mga ipinag-aatas sa insurance ay kasama sa [sample na kontrata](#)
- Kumpletuhin ang mga form para mapasimulan ang pagpapadala ng mga pondo

⁴ Ang mga organisasyon pinopondohan sa pamamagitan ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init ay ituturing na mga subcontractor ng SOWA sa kontrata ng SOWA sa OSPI. Dahil dito, ang mga pinoponduhang organisasyon ay dapat may insurance na nakakatugon sa mga ipinag-aatas ng OSPI, kasama ang insurance sa pananagutan na nakakatugon sa limitasyon sa kontrata, insurance sa kabayaran ng manggagawa, at insurance sa sasakyan (ayon sa naaangkop.) Bago ang pagbibigay ng mga pondo, kakailanganin ng SOWA ang mga sertipiko ng insurance na tumutukoy sa SOWA at OSPI bilang mga karagdagang naka-insure.

- Kumpletuhin ang mga profile sa organisasyon sa [Elevate Washington](#)
- Magsagot ng form na maikling nagdedetalye sa mga pagbabago, kung mayroon man, sa kanilang plano sa 2022 programa sa tag-init mula noong isinumite ang kanilang aplikasyon.
- Magsumite ng pinal na ulat sa naratibo

Timeline

Nobyembre 4, 2021	Ilalabas ang RFP
Nobyembre 10 at Nobyembre 16, 2021	Mga session ng impormasyon ng RFP. Mag-register dito: Nobyembre 10, 2021, 1:00PM - 2:30PM Nobyembre 16, 2021, 9:00AM-10:30AM
Nobyembre 5 – Disyembre 3, 2021	May available na teknikal na tulong. Ang higit pang impormasyon TA ay nasa webpage ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init.
Nobyembre 9, Nobyembre 15, Nobyembre 22, at Nobyembre 30, 2021.	Ia-update ang mga FAQ at gagawing available sa webpage ng Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init. Nobyembre 29, 2021 ang huling araw para isumite ang mga tanong para sa FAQ.
Disyembre 6, 2021	Deadline ng mga aplikasyon sa 11:59 PM.
Disyembre 9, 2021 – huling bahagi ng Enero 2022	Susuriin ng team ng SOWA at peer reviewer ang aplikasyon
Kalagitnaan ng Pebrero, 2022	Susuriin at aaprubahan ng OSPI ang mga rekomendasyon sa pagpopondo. Pag-abiso ng pagpopondo para sa mga matagumpay na aplikante.
Marso 15, 2022	Deadline ng form na maikling nagdedetalye sa mga pagbabago, kung mayroon man, sa mga plano sa 2022 programa sa tag-init ng matagumpay na aplikante simula noong isinumite ang kanilang aplikasyon.
Kalagitnaan ng Marso	Symposium ng 2022 Programa sa Tag-init
Bago ang Mayo 13, 2022	Pamamahagi ng pagpopondo
Hunyo 2022 – Setyembre 2022	Pagpapatupad ng mga programa sa tag-init
Setyembre 30, 2022	Deadline ng pinal na ulat.

Pangkalahatang-ideya ng Aplikasyon

Nakalista sa ibaba ang mga tanong at impormasyong kinakailangan sa pagkumpleto ng aplikasyon para sa Pondo sa 2022 Programa sa Tag-init. Kasama sa mga ito ang mga sagot sa dropdown at naratibo.

Ang isang template ng aplikasyon ang nasa simula ng online na aplikasyon. Inirerekomenda namin na gamitin ng mga aplikante ang template para suriin ang mga tanong at magsagot. Kapag kumpleto na ang mga sagot sa template, puwede itong kopyahin ng mga aplikante sa online na form ng aplikasyon para sa pagsusumite.

Dapat isumite ang mga aplikasyon [online](#). Puwedeng i-save ng mga aplikante ang kanilang ginagawa at bumalik sa aplikasyon. Nasa aplikasyon ang mga direksyon sa pag-save at pagbalik sa mga aplikasyon. Dapat masagutan at maisumite ang mga aplikasyon bago ang Lunes, Disyembre 6, 2021 nang 11:59 PM.

Impormasyon sa Pagiging Kwalipikado

Pakikumpirmang kwalipikado ang iyong organisasyon na mag-apply para sa pagpopondo:

- Ang iyong organisasyon ay:
 - magbibigay ng 2022 programa sa tag-init para sa mga kabataan.
 - susunod sa mga protocol ng Washington State Department of Health
 - isang nonprofit na organisasyon sa komunidad, isang maliit na negosyo o pampublikong ahensya.
 - maglilingkod sa mga kabataang 4-21 taong gulang sa Estado ng Washington, at naka-enroll sa o tumatanggap ng mga serbisyong ibinibigay ng K-12 na paaralan.

- Ang 2022 Programa sa Tag-init ng iyong organisasyon ay:
 - dapat magsama ng mga aktibidad na idinisenyo para patatagin ang mga panlipunang koneksyon sa mga kabataan
 - dapat magsama ng mga pisikal na aktibidad
 - dapat magsama ng mga outdoor na aktibidad
 - ibibigay sa maraming araw at/o maraming linggo
 - ibibigay nang in-person o halos in-person

Hindi kwalipikado ang mga departamento ng parke at distrito ng paaralan. Hindi puwedeng gamitin ang mga pondo para sa 1:1 na pagpoprograma o panrelihiyong aktibidad.

Impormasyon ng Programa/Organisasyon:

- Ang aming programa sa tag-init ay may fiscal sponsor na nonprofit organization:
 - Oo
 - Hindi

*Kung oo, hihilingin sa iyo na mag-upload ng nilagdaang liham mula sa nagso-sponsor na organisasyon na nagkukumpirma sa ugnayan sa fiscal sponsor.

- Piliin ang lahat ng county na pinaglilingkuran sa pamamagitan ng 2022 Programa sa Tag-init na focus ng aplikasyong ito:

- Legal na pangalan ng organisasyon:

- Pangalan ng organisasyong fiscal sponsor, kung naaangkop:
- Employer Identification Number (EIN):
Tandaan: Kung may fiscal sponsor ang programa/organisasyon, pakilagay ang EIN ng fiscal sponsor
- Unified Business Identifier (UBI) Number:
Tandaan: Kung may fiscal sponsor ang programa/organisasyon, pakilagay ang UBI ng fiscal sponsor
- Ano ang kabuuang gastusin sa pagpapatakbo para sa iyong organisasyon sa pinakakamakailang natapos na fiscal year nito?
- Kailan natapos ang fiscal year na iyon?
- Uri ng organisasyon:
Tandaan: Kung may fiscal sponsor ang programa/organisasyon, pakilagay ang uri ng organisasyon ng fiscal sponsor
 - Nonprofit
 - Maliit na negosyo
 - Pampublikong ahensya (pakitukoy): ____
 - Iba pa (pakitukoy): ____
- Pangunahing Pisikal na Address
 - Kumpletong address (kasama ang apartment/suite/opisina, kung naaangkop)
 - Bayan/Lungsod
 - Estado
 - Zip Code
 - County
- Paglalarawan: Magbigay ng maikling paglalarawan ng iyong organisasyon (layunin, adhikain, mga serbisyo, tunguhin) 200 ang maximum na bilang ng salita.
Tandaan: Isasama ang impormasyong ito sa ElevateWashington.
- Pangalan ng site:
Tandaan: Kung nag-a-apply ka sa ngalan ng maraming site, pakisama ang pangalan at address para lang sa isa sa mga site na iyon dito.
- Address ng site:
Tandaan: Ang address ng site ay dapat nasa Estado ng Washington
 - Kumpletong address (kasama ang Apt/Suite/Opisina, kung naaangkop)
 - Bayan/Lungsod
 - Estado (WA)
 - Zip Code
 - County
- Pangalan ng 2022 Programa sa Tag-init:

- Paglalarawan: Magbigay ng maikling paglalarawan ng programang ito (para kanino ito, tunguhin ng programa)
150 ang maximum na bilang ng salita.
Tandaan: Isasama ang impormasyong ito sa ElevateWashington.
- Ang organisasyon ng aplikante, at mga pangalan at lokasyon ng mga site at programa, ayon sa nakulat dito, ay isasama sa directory ng pampublikong programa sa kabataan sa ElevateWashington. Kung kumpidensyal ang lokasyon ng site, pakilagyan ng check dito para humiling na huwag itong ilagay sa directory ng programa.
 - HINDI kumpidensyal ang lokasyon - OK na ilagay sa directory
 - Kumpidensyal ang lokasyon - huwag ilagay sa directory

Mga Tanong sa Panukala:

Focus area #1: Ang programa ay para sa mga kabataan na hindi nakakatamasa ng mahusay na edukasyon. Ang focus area na ito ay 35% ng score.

Ang mga sagot sa mga tanong sa ibaba ay dapat partikular sa 2022 Programa sa Tag-init kung saan ka humihiling ng pagpopondo.

- a. Hinihiling sa tanong sa ibaba (1b) na sabihin mo sa amin kung gaano kalaking porsyento ng mga kabataan sa iyong programa sa tag-init ang nasa bawat kategorya ng priyoridad. Bago mo ibigay ang impormasyon tungkol sa mga kabataang ito, pakisabi sa amin ang pinagmulan ng iyong datos:
 - Nakabatay ang mga porsyento sa iniulat na datos sa kabataan o pamilya.
 - Nakabatay ang mga porsyento sa pinakamalapit na pinagmulan ng datos, gaya ng distrito ng paaralan o datos ng census.
 - Ang mga porsyento ay mga pagtatantya batay sa aming kaalaman sa aming komunidad ng kabataan.
 - Sa kasalukuyan, hindi kami nangongolekta, o wala kaming proxy na datos, para sa impormasyong ito at hindi kami kumportableng tantyahin ang mga porsyento para sa tanong na ito.

Kahit hindi ka magbigay ng mga porsyento sa mga priyoridad na populasyon, dapat pa ring magbigay ang lahat ng aplikante ng detalyadong paglalarawan ng kanilang pinag-uusapan na komunidad ng kabataan sa tanong 1e sa ibaba.

- b. Pakitantlya ang porsyento ng mga kabataan sa mga kategoryang ito na lalahok sa iyong 2022 Programa sa Tag-init. Nauunawaan namin na maraming kabataan ang maituturing na kasama sa maraming kategorya; hindi kailangan 100% ang kabuuan ng mga porsyento. Pakibatay ito sa dating datos ng programa, kasalukuyang datos sa enrollment, o iba pang pinakamalapit na pinagkunan ng datos, gaya ng demograpikong datos ng paaralan. Magkakaroon ka ng oportunidad na magbanggit sa amin ng higit pa tungkol sa iyong komunidad sa susunod na naratibo:

Maglagay ng mga zero kung wala kang inaasahang kabataan na lalahok mula sa isang partikular na priyoridad na populasyon sa iyong 2022 Programa sa Tag-init. Pakiiwanang blangko kung hindi available ang mga pagtatantya para sa priyoridad na populasyong iyon.

Maliban na lang kung pinili ang "Hindi namin kinokolekta ang datos na ito sa ngayon", kinakailangan ilagay ang datos mo para sa tanong na ito:

- Kabataang nakakaranas ng kahirapan, sinukat na pagiging kwalipikado para sa libre- o mas murang presyo ng tanghalian: __%
 - BIPOC na kabataan: __%
 - Migrant na kabataan: __%
 - Refugee at/o immigrant na kabataan: __%
 - Mga nag-aaral ng English: __%
 - Kabataang nakakaranas ng kawalan ng tirahan: __%
 - Kabataan sa foster care: __%
 - LGBTQ na kabataan: __%
 - Kabataang nasa sistema ng criminal justice: __%
 - Mga kabataang may kapansanan, kasama ang pisikal, developmental, at/o intelektuwal na kapansanan; o espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan: __%
- c. Pakitantlya ang kabuuang porsyento ng kabataan ng iyong programa na mula sa isa o higit pang priyoridad na populasyon.: __%
- d. Kung naglilingkod ang iyong programa sa BIPOC na kabataan, pakilagay ang porsyento ng kabataang mula sa bawat isang populasyon ng BIPOC na kabataang ito. Nauunawaan namin na maraming kabataan ang maituturing na kasama sa maraming kategorya; hindi kailangan 100% ang kabuuan ng mga porsyento.
- American Indian/Alaska Native: __%
 - Asian/Asian-American: __%
 - Black/African-American: __%
 - Hispanic o Latino/a/x Descent: __%
 - Middle Eastern o North African: __%
 - Maraming Lahi: __%
 - Native Hawaiian/Pacific Islander: __%
- e. **Naratibo:** Ikwento sa amin ang tungkol sa mga kabataan sa iyong komunidad na lalahok sa iyong 2022 Programa sa Tag-init, kasama ang kung paano sila nabibilang sa isa o higit pang priyoridad na populasyon. Ilarawan kung paano mahihimok ng iyong programa ang mga kabataan mula sa grupo ng mga priyoridad na populasyon.

400 ang maximum na bilang ng salita.

Focus area #2: Ang programa ay may staff, mga boluntaryo, pamunuan, at miyembro ng lupon na kakatawan sa mga pinaglilingkurang priyoridad na populasyon, ayon sa nakalista sa itaas sa tanong #1. Ang focus area na ito ay 20% ng score.

- a. Pakitantlya ang porsyento ng mga taong ang pagkakakilanlan/karanasan sa buhay ay maituturing na kasama sa alinman sa mga kategorya ng priyoridad na populasyon.
- Mga staff at boluntaryong direktang makikipagtulungan sa mga kabataan sa 2022 Programa sa Tag-init: __%

- Mga lider ng programa na mangangasiwa at mamamahala sa 2022 Programa sa Tag-init: ___%
 - Mga miyembro ng lupon ng programa/organisasyon: ___%
- b. **Naratibo:** Ilarawan kung paano maituturing na kasapi ang mga staff, boluntaryo, pamunuan, at miyembro ng lupon ng iyong programa (may mga katulad na pagkakakilanlan o katulad na karanasan sa buhay) sa mga priyoridad na populasyon ng kabataan na pinaglilingkuran ng iyong programa.

350 ang maximum na bilang ng salita.

Focus area #3: Binibigyang-kahulugan at sinusuportahan ng programa ang mga panlipunang koneksyon, pisikal na aktibidad, at outdoor na aktibidad para sa mga kabataan AT tinitiyak sa plano sa pagpapatupad ng programa na ang mga kinakailangan sa programang ito ay nakakamit, at nauugnay sa mga pangangailangan at interes ng mga pinaglilingkurang kabataan. Ang focus area na ito ay 45% ng score.

Uri ng programa: Pakisabi kung anong uri ng programa ang paglalaanan mo ng mga pondo sa 2022 Programa sa Tag-init: (I-check ang lahat ng naaangkop.)

- Akademiko
- Sining at kultura
- Pagtuklas ng Karera at Pagsasanay sa Trabaho
- Pangangalaga sa Bata
- Pamumuno, Serbisyo, at Hustisya sa Lipunan
- Mga Pisikal na Aktibidad at Sports
- Siyensya, Teknolohiya, Engineering, at Matematika (Science, Technology, Engineering and Math, STEM)
- Serbisyo sa Suporta
- Iba pa (pakitukoy): _____

Ang iyong 2022 Programa sa Tag-init ay maglilingkod sa mga kabataang: (I-check ang lahat ng naaangkop.)

- 4-12
- 13-18
- 19-21

Dami ng kabataang paglilingkuran:

- < 20 kabataan
- 20-50 kabataan
- 51-100 kabataan
- > 100 kabataan

Ang program ay ihahati nang:

- In-person lang
- Hybrid: in-person at virtual

Drop-in na istilong programa?

- Oo
- Hindi

Tagal ng programa:

- 1-2 linggo
- 3-5 linggo
- 6 o higit pang linggo

Ilang araw kada linggo tatakbo ang programa?

- 1-2 araw kada linggo
- 3-4 na araw kada linggo
- 5 araw kada linggo
- Iba pa (pakitukoy): _____

Haba ng programa sa isang araw:

- 1-2 oras kada araw
- 3-4 na oras kada araw
- 5-6 na oras kada araw
- 7-8 oras kada araw
- Mahigit 8 oras kada araw

Narrative: Talakayin ang disenyo at plano sa pagpapatupad ng iyong programa sa tag-init. Pag-isipan kung **ano** ang gagawin mo, **bakit** natutulungan ng iyong disenyo ang mga kabataang paglilingkuran mo, at kung **paano** mo ipapatupad ang programa. Talakayin ang lahat ng sumusunod sa iyong sagot:

1. Magbigay ng pangkalahatang-ideya tungkol sa iyong 2022 Programa sa Tag-init. Paano mo pinaplano na ipatupad ito? *(Mauunawaan ng mga tagasuri na maraming aspeto ng pagpapatupad ay hindi malinaw sa ngayon, dahil sa maraming variable, ngunit pakibuod kung bakit ka naniniwalang posible ang plano at kung ano ang plano mo para mailunsad nang matagumpay ang programa.)*

200 ang maximum na bilang ng salita.

2. Detalyadong talakayon ang mga aktibidad na ibibigay mo para patibayin ang mga panlipunang koneksyon. *(Magbigay ng mga halimbawa. Magiging iba't iba ba ang pamamaraan ayon sa grupo ng edad? Tulungan ang mga tagasuri na maunawaan kung paano mapapatibay ng iyong programa ang mga panlipunang koneksyon sa mga kabataan)*

200 ang maximum na bilang ng salita.

3. Ano ang kasamang pisikal na aktibidad sa iyong programa? *(Maging partikular. Mag-iiba-iba ba ang mga aktibidad ayon sa grupo ng edad? Ipaliwanag sa mga tagasuri kung ano ang eksaktong iaalok sa mga kabataan.)*

150 ang maximum na bilang ng salita.

4. Ano ang kasamang outdoor na aktibidad sa iyong programa? *(Maging partikular. Mag-iiba-iba ba ang mga aktibidad ayon sa grupo ng edad? Ipaliwanag sa mga tagasuri kung ano ang eksaktong iaalok sa mga kabataan.)*

150 ang maximum na bilang ng salita.

5. Ipaliwanag kung bakit epektibo at tumutugon ang modelo ng programa mo sa mga pangangailangan ng iyong prioridad na populasyon ng kabataan. *(Tulungan ang mga tagasuri na maunawaan ang dahilan sa likod ng disenyo ng iyong programa.)*

250 ang maximum na bilang ng salita.

Hinihiling na pagpopondo: Ang mga 2022 Programa sa Tag-init ay posibleng humiling sa pagitan ng \$10,000 at \$50,000. Dapat magasta ang mga pondo bago sumapit ang Setyembre 30, 2022.

Dapat maglagay ng numero sa pagitan ng 10,000 at 50,000

Mga Sertipikasyon:

Pangalan ng taong nagsasagot sa form na ito:

Email address:

Número ng telepono:

Ang lahat ng aplikanteng tatanggap ng pagpopondo ay aatasang magsumite ng nasagutan at nilagdaang W-9. Ibibigay sa elektronikong paraan ang mga pondo sa pamamagitan ng Automated Clearing House (ACH). Magpapadala ang School's Out Washington ng form ng awtorisasyon ng ACH at form na W-9 sa pamamagitan ng DocuSign sa mga matagumpay na aplikante. Kakailanganin ang pagbabalik ng mga dokumentong ito sa loob ng pitong araw mula sa pagtanggap nito. Pakitukoy kung kanino dapat ipadala ang form ng ACH at kahilingan sa W-9.

Pangalan:

Email Address:

Ang lahat ng aplikanteng tatanggap ng pagpopondo ay aatasang lumagda ng kontrata sa School's Out Washington. Pakitukoy kung kaninod dapat ipadala ang kontrata para sa paglagda.

Pangalan:

Email Address:

Kung mabibigyan ng pondo, sumasang-ayon ang aplikanteng bigyan ng karapatan sa pag-access ang School's Out Washington sa Form 990 at iba pang talaan sa pananalapi sa loob ng anim na taon, kasunod ng petsa ng pagpopondo, sa lahat ng makatuwirang panahon para kumpirmahin ang impormasyon sa pananalapi na ipinapakita sa aplikasyong ito.

Paki-check ang lahat ng kahon. (Piliin ang link na ito para suriin ang kahulugan ng maliit na negosyo [RCW19.85.020](https://www.wa.gov/rcw19.85.020))

“Pinapatunayan ko na awtorisado akong isumite ang aplikasyong ito sa ngalan ng aplikanteng organisasyon.”

“Pinapatunayan ko, na sa pamamagitan ng aplikasyong ito, na wala sa aplikanteng organisasyon o mga prinsipal nito ang kasalukuyang debarred, suspendido, iminumungkahing i-debar, idineklarang hindi kwalipikado, o boluntaryong hindi isinama sa paglahok sa transaksyong ito, alinsunod sa anumang pederal o pang-estadong departamento o ahensya.”

“Pinapatunayan ko na kung nag-a-apply para sa isang maliit na negosyo, natutugunan ng aking negosyo ang kahulugan ng maliit na negosyong nakasaad sa RCW19.85.020.

“Pinapatunayan kong ang inilalarawang programa ay hindi kinapapalooban ng panrelihiyong pagsamba, pagtupad, o pagtuturo. Kung magiging matagumpay ang aplikasyon, walang kalahok ang aatasang lumahok sa anumang panrelihiyong pagsamba, pagtupad, o pagtuturo upang magkaroon ng access sa mga pasilidad.

“Pinapatunayan kong ang impormasyong ibinigay sa aplikasyong ito at impormasyong ibinigay sa anumang pansuportang dokumento at form ay tunay at tumpak sa lahat mahalagang aspeto. Nauunawaan ko rin na ang anumang maling pahayag o sinasadyang pagwawaksi sa aplikasyong ito ay puwedeng maging dahilan ng pagbabalik ko ng mga pondo o iba pang legal na pagkilos para sa mapanlokong maling pagkakatawan.”